**IMPORTANT INFORMATION**
Please have this translated

**معلومات مهمة:** البحث على الترجمة

**重要资讯:** 请找人为你翻译

**重要資訊:** 請找人為你翻譯

**اطلاعات مهم:** لطفا درخواست کنید
که این اطلاعات را برای شما ترجمه کنند

**RENSEIGNEMENTS IMPORTANTS**
Prière de les faire traduire

**重要な情報:** これを翻訳してください

**중요정보:** 번역해주세요

**INFORMAÇÃO IMPORTANTE**
Favor solicitar tradução

**ਜ਼ਰੂਰੀ ਜਾਣਕਾਰੀ**
ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਇਸਦਾ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰਵਾਓ

**INFORMACIÓN IMPORTANTE**
Busque a alguien que le traduzca

**MAHALAGANG IMPORMASYON**
Mangyaring isalin ito

**TIN TỨC QUAN TRỌNG**
Xin hãy dịch sang tiếng Việt

Mayo 11, 2026

**Paksa: Mga Paparating na Pagbabago sa Bus Lane sa 49th Avenue**

Mahal na Residente o May-ari ng Negosyo,

Sumusulat kami upang ipaalam sa inyo ang mga planong pagbabago sa bus lane sa 49th Ave, at upang hingin ang inyong opinyon sa mga potensyal na epekto sa pagpaparada at pagkarga ng mga sasakyan.

Pinaplano ng Lungsod ng Vancouver na magdagdag ng mga bus lane sa 49th Ave sa pagitan ng Fraser St at Boundary Rd, mula taglagas ng 2026 hanggang tagsibol ng 2027 sa katuwang ang muling pagsasaayos ng mga kalsada.
Ang mga pagsasaayos na ito ay:

- makatutulong sa mga bus na makagalaw nang maayos sa trapiko at manatili sa tamang oras.
- magpapabuti sa mga oras ng paglalakbay at pagkamaaasahan ng mahigit 35,000 biyahe ng bus sa mga karaniwang araw habang pinapanatili ang access sa mga negosyo.
- susuportahan ang direksyon ng Konseho ng Lungsod na unahin ang pampublikong transportasyon sa 49th Ave at walong iba pang corridor, upang makamit ang 10% pagbuti sa oras ng paglalakbay ng mga bus at kanilang pagkamaaasahan.

## Ano ang Magbabago

### Mga Bus Lane sa 49th Ave (Fraser St papuntang Boundary Rd)

Ang mga curb lane ay pinaplanong maging mga bus lane sa magkabilang direksyon sa 49th Ave, sa pagitan ng Fraser St at Boundary Road (tingnan ang mapa sa pahina 4).

- Sa pagitan ng Fraser St at Tyne St, planong magkaroon ng mga bus lane mula 7:00 AM hanggang 7:00 PM, Lunes hanggang Sabado.
- Sa pagitan ng Tyne St at Boundary Rd, ang mga bus lane ay planong ipatupad mula 7:00 AM hanggang 7:00 PM, 7 araw sa isang linggo.

Lilimitahan ang pagparada sa tabi ng kalsada sa oras ng bus lane at sa mga lugar papasok sa interseksyon. Hindi pinapayagang bumiyahe sa bus lane ang mga sasakyang maraming sakay na pasahero (HOV). Maaaring pumasok ang mga sasakyan sa bus lane upang lumiko pakanan kapag papalapit sa isang interseksyon o driveway.

### Mga Bus Lane sa 49th Ave (Cambie St papunta sa Fraser St)

Magdaragdag ng mga bus lane sa magkabilang gilid ng 49th Avenue sa pagitan ng Cambie Street at Fraser Street simula sa taglagas, kasabay ng pagsasaayos ng mga kalsada. Ang mga bus lane ay bukas mula 7:00 AM hanggang 7:00 PM, Lunes hanggang Sabado, limitado rin ang paradahan sa mga oras na ito.

## Magbigay ng inyong opinyon – sabihin sa amin ang tungkol sa inyong mga pangangailangan sa pagkarga at paradahan

Nauunawaan namin na ang mga pagbabago sa espasyo sa gilid ng kalsada ay maaaring makaapekto sa mga pag-pick-up, paghahatid, at paradahan. Para makatulong na mabawasan ang mga epektong ito, sinusuri namin ang mga karagdagang sona ng pagkarga at paradahang may pahintulot sa mga kalapit na kalye. Makatutulong sa amin ang inyong input na mas maunawaan ang mga pangangailangan sa pagkarga at maisaalang-alang ang mga pagbabago sa mga sona sa pagkarga at paradahan sa gilid ng kalye.

Kumpletuhin ang aming **online survey** para ibahagi ang inyong mga pangangailangan sa pagkarga at pagparada o anumang karagdagang pagpuna, magagawa ito sa **Mayo 11 – Hunyo 1:** vancouver.ca/49Ave-Transit o i-scan ang **QR code** sa ibaba:

**Higit pang impormasyon**

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa mga linya ng bus sa 49th Ave:

- Pumunta sa vancouver.ca/49ave-transit
- Mag-email sa 49avebuspriority@vancouver.ca
- Gamitin ang Van311 app ng Lungsod 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo
- Tumawag sa 3-1-1

Sa unang bahagi ng taong ito, nagsagawa ang TransLink ng pakikipag-ugnayan sa publiko tungkol sa mga pagbabago sa mga hintuan ng bus sa 49th Ave. Ang mga pagbabago sa hintuan ng bus ay magkakabisa sa Hunyo 8. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa mga hintuan ng bus sa mga hintuan ng Route 49, mangyaring makipag-ugnayan sa TransLink:

- Bisitahin ang translink.ca/route49 para sa mga detalye ng proyekto
- Pumunta sa translink.ca/schedules para sa mga update sa mga hintuan at iskedyul ng bus.
- Tumawag sa customer service sa 604-953-3333, 6:30 AM-10:00 PM, 7 araw bawat linggo.

Sumasainyo,

**Bus Priority Team ng Lungsod ng Vancouver**
*507 W Broadway, Vancouver, British Columbia V5Z 0B4 Canada*

## Mga pagbabago sa bus lane sa 49th Ave mula sa Fraser St papunta sa Boundary Rd

# Mga Panukalang Bus Lane

### 7 AM – 7 PM, Lunes – Sabado




- Pagdaragdag ng mga bagong bus lane sa 49th Ave sa pagitan ng Fraser St at Tyne St.
- Ang mga kasalukuyang bus lane sa lugar ay pinalawig mula **7 AM – 7 PM, Lunes hanggang Sabado**.
- **Bawal pumarada** sa mga oras ng bus lane.
- Ang ibang mga sasakyang maraming pasahero (mga HOV) ay **hindi pinapayagang** gumamit ng bus lane.

### 7 AM – 7 PM, 7 araw/linggo




- Pagdagdag ng mga bagong bus lane sa 49th Ave sa pagitan ng Tyne St at Boundary Rd.
- Pinalawig ang mga kasalukuyang bus lane sa lugar mula **7 AM – 7 PM, 7 araw sa isang linggo**.
- **Bawal pumarada** sa mga oras ng bus lane.
- Ang ibang mga sasakyang maraming pasahero (mga HOV) ay **hindi pinapayagang** gumamit ng bus lane.

